Mga Serbisyo sa Aksesibilidad para sa mga Botanteng may Kapansanan

Mga Serbisyo sa Aksesibilidad para sa mga Botanteng may Kapansanan

Panimula

Ang Los Angeles County, ang pinakamalaking hurisdiksyon ng halalan sa bansa, ay responsable sa pagsasagawa ng mga halalan sa halos 5.4 milyong rehistradong botante. Ang Registrar-Recorder/County Clerk ay nagsusumikap na pahusayin ang karanasan sa pagboto at tumutuon sa pagbibigay ng mga pagpipilian para maging maginhawa, naaabot at ligtas ang karanasan sa pagboto ng lahat ng mga botante sa pamamagitan ng paggamit ng mas kakaunting mga equipment at pag-upgrade ng mga feature sa isang solong device - ang “BALLOT MARKING DEVICE” (BMD).

Ang mga botante sa L.A. County ay mayroon na ngayong mas maraming araw para bumoto nang personal sa alinmang vote center sa buong county. Sa panahong ito, mahigit 10,000 manggagawa sa vote center ang ipinadala sa mahigit 500 vote center. Bilang manggagawa sa vote center, responsibilidad mong tiyakin na lahat ng botante, kabilang ang mga may kapansanan ay makakalahok sa proseso ng halalan.

Ang sumusunod na videos para sa Los Angeles Election Worker Disability Awareness Training ay idinisenyo upang ipaalam sa iyo ang mga isyu na kinakaharap ng ilang botante kapag pumupunta sila sa isang vote center at kung paano mo sila matutulungan sa proseso ng pagboto upang gawin itong matagumpay na karanasan para sa kanila.

Video ng Pagsasanay sa Kamalayan sa Kapansanan ng Manggagawa sa Halalan (Mga Saradong Caption)

Video ng Pagsasanay sa Kamalayan sa Kapansanan ng Manggagawa sa Halalan (American Sign Language)